

Iyong mga Opsyon sa Pagkolekta ng Suporta sa Bata Habang Tumatanggap ng Temporaryong Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (TANF)



Your Options for Child Support Collection while Receiving Temporary Assistance for Needy Families (TANF)

Kapag tumanggap ka ng TANF para sa mga batang nasa iyong pangangalaga, kailangan mong tulungan ang Sangay ng Panlipunan at Pangkalusugang Serbisyo (Department of Social and Health Service, DSHS), Dibisyon ng Suporta sa Bata (Division of Child Support, DCS), kumulekta ng suporta sa bata maliban kung hindi ito ligtas para sa iyo o sa mga bata. Ang Dibisyon ng Serbisyo sa Komunidad (Community Services Division, CSD) ang makakatukoy sa pagiging karapat-dapat para sa TANF at sasangguni sa DCS para makapagbigay ng may buong suportang serbisyonang pagpapatupad tuwing ikaw o ang (mga) bata ay tatanggap ng TANF. Maaaring kasama sa mga serbisyonang ito na ipatupad ng DCS ang isa pang obligasyon ng magulang na makapagbigay ng pangkalusugang insurance at mag-ambag ng kanilang bahagi sa mga hindi insured na gastos pangmediko para sa (mga) bata.

Ano ba ang dapat kong gawin upang matulungan ang DCS na magkolekta ng suporta sa bata?

- Pangalanan ang (mga) magulang ng (mga) bata.
- Magbigay sa amin ng impormasyon upang makatulong sa paghanap sa (mga) magulang.
- Tumulong na patunayan kung sino ang (mga) magulang ng (mga) bata.

Bakit kapaki-pakinabang na mapatunayan ang pagka-ama at kumulekta ng suporta sa bata?

- Dahil makakatulong sa iyo ang suporta sa bata na makamit ang katatagang pinansyal.
- Dahil nagbibigay ito sa (mga) bata ng kasaysayang pangkalusugan ng pamilya sa pamamagitan ng pagkakaalam kung sino ang kanilang mga magulang.
- Dahil nagbibigay ito ng legal na karapatan sa bata sa mana, panlipunang seguridad, benepisyo ng mga beterano, at iba pang karapatan mula sa gobyerno.

Ano ang mangyayari kung hindi ako makikipagtulungan sa DCS?

Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo para sa iyong sarili at hindi tutulong sa DCS na kumulekta ng suporta sa bata, ang bahagi ng iyong grant na pera ay maaaring mabawasan ng 25%. Pupursigihin ng DCS ang pagkolekta ng suporta sa bata nang wala ang iyong kooperasyon.

Kailan ba OK na hindi makikipagtulungan sa DCS?

Hindi mo kailangang tumulong na mangolekta ng suporta sa bata kapag matukoy ng iyong CSD worker na mayroon kang mabuting rason para hindi tumulong. Ang mga Mabuting Rason ay:

- Natatakot kang ikaw o ang (mga) bata sa iyong pangangalaga ay malalagay sa pisikal o emosyunal na panganib.
- Naipanganak ang iyong anak dahil sa rape o incest.
- Sinimulan mo na ang proseso sa pag-aampon, o ikaw ay sumasailalim sa counseling (na hanggang tatlong buwan) sa isang ahensya ng paglalagay ng bata patungkol sa pag-aampon.

Ano ang dapat kong ibigay sa aking CSD worker upang ipakitang mayroon akong Mabuting Rason para hindi tumulong?

- Iyong pirmadong pahayag na nagbabalangkas ng iyong mga takot o alalahanin (kasama na ang form na ito), o
- Anumang rekord kasama ang medikal, pulis, mga pahayag mula sa kapamilya o kaibigan patungkol sa iyong kaligtasan, kung mayroon.
- Mayroon kang 20 araw para maibigay ang pagpapatunay pero maaari kang humingi ng karagdagang oras kung kinakailangan.

Maaari pa ba akong makakolekta ng suporta sa bata at hindi makikipagtulungan sa DCS?

Oo, dahil mayroong dalawang magkaibang antas na maaari mong pagpilian; Antas A o Antas B.

- Antas A: *Hindi* hihilingin sa iyo na makikipagtulungan sa DCS. Hindi kokolektahin ang suporta sa bata.
- Antas B: *Hindi* hihilingin sa iyo na makikipagtulungan sa DCS *ngunit* kokolektahin ang suporta sa bata at mananatiling protektado ang iyong address.

Ano ang dapat kong gawin kung hindi na ligtas para sa DCS na kumulekta ng suporta sa bata?

- Kaagad makipag-ugnayan sa CSD at sa opisyal ng suporta sa bata ng DCS. Sabihan sila pareho tungkol sa iyong bagong sitwasyon.
- Ihiling ang Mabuting Rason sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na ito.
- Kung kasalukuyan kang may Mabuting Rason Antas B, isaalang-alang ang paglipat sa Antas A.
- Humingi ng referral sa tagapagtaguyod ng onsite o nakabase sa komunidad na.

Paano kung hindi ako sumang-ayon sa desisyon ng Mabuting Rason ng CSD?

Mayroong kayong karapatang humiling ng isang administratibong pagdinig tungkol sa desisyon ng Mabuting Rason. Ang Administratibong Pagdinig ay isang pagrepaso sa desisyon ng Mabuting Rason. Tingnan ang “Proseso ng Administratibong Pagdinig” sa huling pahina para sa karagdagang impormasyon ng administratibong pagdinig.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pagtulong sa pangungulekta ng suporta sa bata, magtanong bago mo pirmahan ang form na ito. Isang salaysalay lang ang lagyan ng tsek sa ibaba.

- Naniniwala akong ligtas para sa akin at sa aking mga anak na mangolekta ang DCS ng suporta sa bata. Naiintindihan kong kailangan kong tulungan ang DCS na mangolekta ng suporta sa bata at kung hindi ay mababawasan ng 25% ang aking grant na pera.
- Mayroon akong mabuting rason para hindi tumulong. Mangyaring ilarawan ang iyong rason at ibalangkang ang iyong mga takot at alalahanin sa susunod na pahina.

Magkaiba ang sitwasyon ng bawat pamilya. Mangyaring lagyan ng tsek ang lahat ng kahong naglalarawan sa (mga) rason kung bakit maaaring hindi ligtas na ipursige ang suporta sa bata.

- Ang (mga) bata ay napapasailalim sa proseso ng legal na pag-aampon.
- Ang (mga) bata ay naipanganak na resulta ng incest o rape.
- Mayroon akong restraining order o mga pulis report na isinampa para sa hindi-tagapangalagang magulang.
- Nakapinsala o nagbanta ng pinsala sa akin o sa (mga) bata ang hindi-tagapangalagang magulang.
- May kasaysayan ng marahas na pag-uugali ang hindi-tagapangalagang magulang.
- Susubukan ng hindi-tagapangalagang magulang na makuha ang kustodya sa (mga) bata kung ipupursige ang suporta sa bata, na hindi magbibigay ng ligtas na kapaligiran para sa (mga) bata.
- Nag-aalala akong magambala ang katatagan ng (mga) bata.
- Kung ipupursige ang suporta sa bata, maaaring kaming kalabanin ng hindi-tagapangalagang magulang at magdulot ng trauma sa (mga) bata.
- May problema sa kalusugang pangkaisipan o pag-aabuso sa substansiya ang di-tagapangalagang magulang na nakapagdulot ng pinsala sa akin o sa (mga) bata.
- Iba pa, mangyaring ilarawan ang iyong mga takot at alalahanin sa ibaba:

Dinideklara kong pawang katotohanan ang mga salaysay sa itaas.

PANGALAN NG KLIYENTE (NAKALIMBAG)	NUMERO NG ID NG KLIYENTE
LAGDA NG KLIYENTE	PETSA

Nakapagbigay ako ng kopya ng form na ito sa kliyente.

LAGDA NG TRABAHANTE	PETSA
PANGALAN NG DI-TAGAPANGALAGANG MAGULANG	NUMERO NG ID NG KLIYENTE
PANGALAN NG BATA	NUMERO NG ID NG KLIYENTE
PANGALAN NG BATA	NUMERO NG ID NG KLIYENTE
PANGALAN NG BATA	NUMERO NG ID NG KLIYENTE

Proseso ng Administratibong Pagdinig

1. Para sa pagrepaso ng iyong kaso, tumawag sa CSD sa 1-877-501-2233.
2. Para humiling ng Administratibong pagdinig, makipag-ugnayan sa CSD o sumulat sa The Office of Administrative Hearings, PO Box 42489, Olympia, WA 98504-2489 within 90 days. Hindi sisimulan ng DCS ang pagtatrabaho sa iyong kaso hangga't wala pang pinal na desisyon sa pagdinig. Maaari kang irepresenta sa pagdinig ng isang abogado o ng ibang taong pinili mo, o maaari mo ring irepresenta ang iyong sarili.

Maaari ba akong tumanggap ng legal na payo o representasyon?

Maaari mong tawagan ang pambuong-estadong linya ng mga legal na serbisyo sa 1-888-201-1014.